4

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

8

IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino**
**Kuwarter 4: Aralin 8 (Linggo 8)**
**TP 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro sa implementasyon ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagabuo**

**Mga Manunulat:**

- Honeylee A. San Diego (Valenzuela)
- Deseree B. Geronimo, Ed.D (Valenzuela)
- Shelani T. Nacilla (Valenzuela)
- Andilaine R. Tajanlangit, Ed.D (Valenzuela)

**Tagasuri:**

- Mercy B. Abuloc (Philippine Normal University - Mindanao)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University

Research Institute r for Teacher Quality

SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 4**

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mag-aaral ang kahusayan sa pagpapalawak ng bokabolaryo, kamalayan sa gramatika (denotasyon, konotasyon), pag-unawa sa tekstong naratibo (mito, epiko, tulang pambata, at kuwentong kababalaghan) at tekstong impormatibo (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso), paglinang ng mga kasanayang produktibo gamit ang wika upang makalikha ng tekstong tumatalakay sa mga paksaing lokal o rehiyonal na naaangkop sa edad at nagsasaalang-alang sa kasarian batay sa layunin, konteksto, at target na madla. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nagagamit ng mag-aaral ang pagkakaroon ng kahusayan sa wastong gramatika, kaangkupan ng salita/retorika, estilo, at estruktura sa paggawa ng tulang pambata na nagsasaad ng proseso ng isang gawain sa lokal o rehiyonal na lipunan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan:**<br>**Nagagamit ang angkop na diksiyon (kaangkupan ng salita/retorika at estilo) sa pagpapahayag ayon sa:**<br>a. ayon (magsalaysay at maglahad)<br>b. kahulugan<br>c. tagapakinig/tagapanood/mambabasa<br>d. konteksto (Kapistahan at Pambansang Pistang Opisyal)<br>e. tono at damdamin<br>**Nagagamit ang pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso.**<br>a. nagsasalaysay (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata)<br>b. naglalahad (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso)<br>**Nakabubuo ng tekstong may mga panandang nag-uugnay ng mga ideya ayon sa layon, kahulugan, tagapakinig/mambabasa, at konteksto.**<br>a. tekstong naratibo (mito, epiko, kuwentong kababalaghan, at tulang pambata)<br>b. tekstong impormatibo (pagsunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso)<br>**Nagagamit ang mga bahagi ng aklat bilang isa sa pangkalahatang sanggunian (indeks, apendiks).** |
| **C. Nilalaman** | Pagtatayang Batay sa Pagganap (Performance-Based Assessment)<br>Paggamit ng Pangkalahatang Kayarian ng Teskto sa Pagbuo ng Diskurso |

| | |
|---|---|
| | Pagbuo ng Tekstong may mga Panandang Nag-uugnay ng mga Ideya<br>Bahagi ng aklat: Indeks at Apendiks |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


*Aklat.* (2020, September 3). Wikipedia. https://tl.wikipedia.org/wiki/Aklat


Gabay Pangkurikulum sa Filipino. (2016). Department of Education DepEd Complex, Meralco Avenue Pasig City.

*Learning Resource Portal - SELF LEARNING MODULE.* (n.d.). Sites.google.com. Retrieved April 12, 2024, from https://sites.google.com/deped.gov.ph/sdovalenzuelalrportal/self-learning-module

*Learning Resource Portal - SELF LEARNING MODULE.* (n.d.). Sites.google.com. Retrieved from https://sites.google.com/deped.gov.ph/sdovalenzuelalrportal/self-learning-module

Raflores, E. V. (2019). BINHI 3 Wika at Pagbasa. JO-ES Publishing House, Inc.

TinyURL. (n.d.). Retrieved from https://tinyurl.com/3nwdkv4f


<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman (Unang Araw)</td>
<td>
UNANG ARAW<br>
1.Maikling Balik-aral: WIKAALAMAN<br><br>
1.Maikling Balik-aral: Pagtukoy sa uri ng liham at mga bahagi nito.<br><br>
Tanong:<br>
1. Naranasan mo na bang makatanggap ng regalo mula sa iyong kaibigan na nasa malayong lugar?<br>
2. Paano mo siya pinasasamalatan?<br><br>
<br>
# 44 Raymundo St.<br>
Malinta, Valenzuela City<br>
Hunyo 15, 2024<br><br>
Mahal kong kaibigang Ram,<br><br>
Labis akong nagpapasalamat sa regalong mga aklat na ipinadala mo sa akin para sa aking kaarawan. Lubos ko itong naibigan ang mga ito kaya't madalas ko itong binabasa. Batid mong mahilig akong magbasa ng mga aklat. Pangako ko ay iingatan ko ang regaling ipinadala mo. Muli, maraming sa lamat sa iyo mahal kong kaibigan.<br><br>
Lubos na nagpapasalamat,<br>
Rico<br><br>
Basahin at tukuyin ang uri ng liham. Tukuyin din ang bawat bahagi nito.<br><br>
Tanong:<br>
• Anong uri ng liham ang iyong nabasa?<br>
• Sino ang sumulat ng liham?
</td>
<td>
Pagbabalik-aral sa bahagi at uri ng liham na natalakay na noong nakaraang. Sa bahaging ito ay muling babalikan ng mga mag-aaral ang paksa tungkol sa uri ng liham at mga bahagi nito.<br><br>
Maaari rin itong gawing lunsaran na kong saan ang tema ng sulat ay tungkol sa aklat.
</td>
</tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

- Kailan ito isinulat?
- Tungkol saan ang liham?
- Ano ang regaling kaniyang natanggap?
- Bakit mahalaga na matuto tayong magpasalamat?


**b. Pagsasanay: Ipasagot ang ilang pagsasanay tungkol sa mga nabanggit na paksa**

Isulat ang bahagi ng liham sa loob ng kahon.

**2. Pidbak (Opsiyonal)**

Bakit mahalaga na wasto ang liham na ating ipapadala?

Mahalaga ang liham dahil ito ay isang paraan ng pagpapahatid ng mensahe sa taong ating sususlatan. Mahalaga na marunong tayong sumulat ng liham at mahalaga na wasto ang liham na ating gagawin dahil ito ang nagsisislbing repleksyon n gating sarili. Anumang magandang katangian ng iyong liham ay masasabing katangian mo na rin bilang isang tao.




</td>
<td>

Ipatukoy ang bahagi ng liham pasasalamat sa mga mag-aaral at ipalarawan sa kanila kung ano ang nilalaman ng bawat bahagi ng liham. Ipatukoy din ang iba't iba pang uri ng liham na alam nila.

Ipaliwanag din sa mag-aaral ang kahalagahan ng liham na ito ay nagsisilbing repleksyon ng sarili o pagkatao. Kung kaya mahalagang suriin muna itong mabuti at iwasto ang mga pagkakamali bago ipadala sa taong padadalhan. Anumang magandang katangian ng iyong liham ay masasabing katangian mo na rin bilang isang tao

</td>
</tr>
<tr>
<td>

**B. Paglalahad ng Layunin**

</td>
<td>

**1.Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**

A. Pag-usapan ang kahalagahan ng **paggamit ng pangkalahatang kayarian ng teksto sa pagbuo ng diskurso tulad ng paglalahad** (pagsusunod-sunod sa panuto, hakbang, at proseso)

</td>
<td>

Pagbibigay kahulugan sa salitang diskurso upang higit na maunawaan ng mga mag-aaral.

</td>
</tr>
</table>

Ano ang diskurso?

Ang **diskurso** ay ang tawag sa paggamit ng wika bilang paraan ng pagpaparating ng isang mensahe. Ito ay pagbabatid ng isip o nadarama sa hangaring maunawaan at unawain ang kausap na maaring maisagawa ng pasulat o pasalita. Mula ito sa latin na *discursus* na nangangahulugan ng pagtuloy-tuloy.

Ito ay paraan ng pagbuo ng kaalaman, kaisipan o pangangatwiran para sa masining na pagpapahayag. Pasulat man o pasalita , gumgamit ito ng mga panandang pandiskurso upang maghudyat ng:

a. sunod-sunod na pangyayari ( Hal. una, bilang pangwakas)
b. pagtitiyak ( Hal. gaya ng mga sumusunod, tulad ng )
c. paglalahat ( Hal. anupa't, samakatuwid )
d. paghahalimbawa ( Hal. sa pamamagitan ng )
e. pagbabagong lahad ( hal. sa kabilang banda, sa madaling sabi)
f. naghuhudyat ng pamamaraan ng sumulat (Hal. subalit, datapwat, sa aking palagay)

**2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

**TALAS-SALITA:** Pagtukoy sa kahulugan ng salitang may salungguhit. Isulat ang nawawalang letra upang mabuo ang salitang tinutukoy ng pangungusap.

| | |
|---|---|
| **__ a __ __ t __** | 1. Nais ko sana siyang **masulyapan** at mayakap. |
| __ o __ __ a | 2. **Lubos** ang aking paghanga sa ating mga bayani. |
| **di – m __ __ __ I __** | 3. **Di-mapuknat** sa aking isipan ang kaniyang hitsura. |
| **m __ __ __ r __** | 4. Gusto kong **makilatis** ang aking bagong radyo. |
| **na __ __ __ d__ __ an** | 5. Ako ay labis na **naakit** sa kanyang hitsura kaya't di siya maalis sa aking isipan |

**TARA-BASA:** Basahin ang teksto at sagutin ang mga tanong

**Labis na Kaakit-akit**
ni: Shelani T. Nacilla

Sa unang tingin pa lamang ay labis na akong naakit ng siya ay aking masulyapan. Di ko mapuknat ang aking tingin sa hindi pangkaraniwang kagandahan sa aking harapan. Papalayo na sana ako sa kaniya subalit alam kong dapat ko siyang balikan, dapat ko

**Mga Tamang Sagot**:
1. makita
2. Sobra
3. di-maalis
4. masuri
5. nagandahan

| | | |
|---|---|---|
| | siyang masilayang muli at lubos na makilatis. Tila ba nang-aakit ang kaniyang kagandahan, wari'y gusto kong mahawakan at ituring na akin. Sa pamamagitan ng taglay niyang kagandahan na tiyak kong magbibigay sa akin ng saya, alam ko sa aking sarili na siya na nga ang hinahanap ko. Hindi ako makapapayag na siya'y hindi maging akin, na siya ay mawala sa aking paningin. Kaya't anupa'y dagli akong kumilos. Halos magkandarapa ako sa pagmamadali upang siya ay balikan. Sa aking palagay siya'y para sa akin. Nang siya ay aking muling makita ako ay nagwika "Ate, magkano po ang aklat na iyan? Bibilhin ko na po!"<br><br>**Mga tanong:**<br>1. Anong damdamin ang ipinahihiwatig ng nagsasalaysay sa teksto?<br>2. Bakit ganoon na lamang ang kaniyang pagkamangha sa nakita?<br>3. Anong labis na gusto ng tauhan sa kuwento? | |
| **1. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWA AT IKATLONG ARAW**<br><br>**Kaugnay na Paksa 1: TUKLAS-BIGKAS**<br><br>Basahin ang tulang pambata na pinamagatang 'Aklat'. Bigyang pansin ang tamang diksiyon, tono at damdamin sa pagbigkas nito. Sagutin ang mga kaugnay na tanong mula sa tula.<br><br>**AKLAT**<br>ni: Honeylee A. San Diego<br><br>Aklat, aklat<br>Kayganda ng pabalat<br>Aklat, aklat<br>Dahan dahan ang buklat.<br><br>Aklat, aklat<br>Kaysarap mong basahin<br>Mga larawang taglay mo<br>Nakatatawag pansin.<br><br>Aklat, aklat<br>Sa iyo'y di magsasawa<br>Dahil sa iyo<br>Maraming magagawa.<br><br>Aklat, aklat<br>Hatid mo'y karunungan<br>Ang batang tulad ko<br>maraming malalaman.<br><br>Aklat, aklat<br>Ikaw'y dapat ingatan<br>Hatid mong kaalaman<br>Hindi matatawaran.<br><br>**Gabay na mga tanong:**<br>1. Tungkol saan ang tula?<br>2. Ano- anong naidudulot ng pagbabasa ng aklat? | Ipasagot sa mga bata ang mga |

3. Anong dapat nating gawin sa aklat?
4. Paano mo iingatan ang isang aklat?
5. Anong bahagi ng aklat ang nabanggit sa tula?

**1. Proseso ng Pag-unawa:**

**Aklát** o **libró** ang tawag sa katipunan ng mga nilimbag na akda. Ang isang aklat ay may iba't iabng bahagi. Bawat bahagi nito ay may kani-kaniyang gamit.

**Gawain A**. Pumili ng isang aklat sa silid-aklatan ng inyong paaralan o sa inyong bahay.


Nakalista sa ibaba ang iba't-ibang bahagi ng aklat. Lagyan ng tsek ang patlang kung nahanap mo ito sa aklat na iyong pinili.

______ 1. pabalat
______ 2. pahina ng pamagat
______ 3. pahina ng karapatang-ari
______ 4. paunang salita
______ 5. talaan ng nilalaman
______ 6. katawan ng aklat
______ 7. apendiks
______ 8. talasanggunian o bibliyograpiya
______ 9. talatinigan o glosari
______ 10. indeks

- May bahagi ba ang aklat na wala sa listahan sa itaas?
- Ano ang tawag sa bahagi o mga bahaging ito?
- Kung may indeks at apendiks ang aklat mo, magtala ng tatlong paksang tinalakay at kung saang pahina ito matatagpuan.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ang **Aklat o Libro** ay isang materyal na ginagamit ng mga mag-aaral sa pagtuklas ng mga impormasyon na nakasulat sa teksto. Ito ay ginagamit sa pag-aaral upang makatulong sa mga mag-aaral na magbasa at mapalawak ang kanilang kaalaman. Ito ay naglalaman ng iba't-ibang mga bahagi katulad ng sumusunod.



Ang **Pabalat** ang unang bahagi ng aklat na nagbibigay proteksyon sa katawan ng aklat. Sa bahaging ito makikita ang pamagat ng aklat at ang ngalan ng may akda. Laman nito ang takip ng aklat at karaniwang may matingkad na kulay upang makatawag pansin sa mga mambabasa.

tanong kaugnay ng tula.

Sa bahaging ito ng gawain, maaaring pumunta sa silid aklatan ang mga mag-aaral at doon isagawa ang gawain.

Pagtalakay sa bahagi ng aklat at mga kahulugan nito. Sa pagtalakay ng aralin ay maaaring gamitin ang tunay na aklat at tignan ang bawat bahagi nito. Maaari ring gamitin at ipakita ang mga halimbawang larawan upang lubos nilang maunawaan at makilala ang bawat bahagi ng aklat.



Ang **Pahina ng Pamagat** ay ikalawang bahagi ng aklat na kung saan dito mababasa ang pamagat ng aklat, pangalan ng may-akda at ang pangalan ng naglathala o naglimbag nito.



Ang **Pahina ng Karapatang Sipi** o tinatawag ring Pahina ng Karapatang-Ari. Sa bahaging ito makikita ang taon kung kailan nilimbag ang aklat, gayundin ang pagsasaad ng tanging karapatan sa awtor at sa palimbagan upang mag may – ari sa nilalaman ng aklat.



Ang **Paunang Salita** ay bahagi ng aklat na kung saan dito mababasa ang layunin ng may-akda, nilalaman at ang paraan para sa maayos na paggamit ng aklat. Dito nakalahad ang mensahe ng awtor para sa kaniyang mga mambabasa. Taglay rin nito ang mga kapaki – pakinabang na tagubilin upang higit na maging mabisa ang paggamit ng aklat.



**Ang Talaan ng Nilalaman** ay naglalaman ng mga pamagat ng mga akda at ang paksang tatalakayin sa buong aklat, mga aralin at ang pahinang katatagpuan ng mga ito. Nakaayos ito mula sa unang aralin hanggang sa huling aralin.



Ang **Katawan ng Aklat** ang siyang pinakamahalagang bahagi ng aklat sapagakat mababasa rito ang nilalaman ng aklat. Makikita rin dito ang kabuuan ng mga akda, pagsasanay at mga impormasyong nilalaman ng aklat.



Ang **Glosari** ay tinatawag ring **Talahuluganan** na kung saan dito makikita ang mahihirap na salitang ginamit sa aklat at ang kahulugan ng mga ito. Nakaayos ang mga ito ng paalpabeto.



Ang **Indeks** ay tinatawag ding **Talatuntunan.** Ito ay talaan ng mga paksang nakaayos nang paalpabeto at pahina kung saan ito matatagpuan.



Ang ***Bibliyograpiya*** ay listahan ng mga ginamit na sangguniang aklat, pahayagan, magasin at iba pa na inaayos nang paalpabeto. Ito ay maaring tawagin ding **Talasanggunian** o **Talaaklatan.**

Pagbibigay ng gawain tungkol sa tinalakay na bahagi ng aklat. Tiyaking mabubuo ang sagot na **LIBRO.** Talakayin din na ang ibang tawag sa aklat ay libro.

Sagot: Ang salitang mabubuo ay **LIBRO**

Ipatukoy din ang wastong pagkakasunod-sunod ng aklat. Maaari nilang maging halimbawa ang kanilang aklat sa Filipino.

**Mga Tamang Sagot:**

3 Pahina ng Karapatang Sipi
5 Talaan ng Nilalaman
2 Pahina ng Pamagat
6 Katawan ng aklat

Kinuha mula sa:https://sites.google.com/deped.gov.ph/sdovalenzuelalrportal/self-learning-module

**TUKLAS-SALITA:** Tuklasin ang mahiwagang salita sa ibaba sa pamamagitan ng pagsulat ng katumbas na titik ayon sa tamang paglalarawan ng bawat bahagi ng aklat. Isulat ang titik ng tamang sagot sa loob ng kahon.

Ikalawang bahagi ng aklat na kung saan dito mababasa ang pamagat ng aklat, pangalan ng may-akda at ang pangalan ng naglathala o naglimbag nito.

**O**

Dito makikita ang mahihirap na salitang ginamit sa aklat at ang kahulugan ng mga ito. Nakaayos ang mga ito ng paalpabeto.

**L**

Pinakamahalagang bahagi ng aklat sapagakat mababasa rito ang nilalaman ng aklat.

**B**

Sa bahaging ito makikita ang taon kung kalian nilimbag ang aklat, gayundin ang pagsasaad ng tanging karapatan sa awtor at sa palimbagan upang mag may – ari sa nilalaman ng aklat.

**I**

Naglalaman ng mga pamagat ng mga akda at ang paksang tatalakayin sa buong aklat, mga aralin at ang pahinang katatagpuan ng mga ito.

**R**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | |
| Glosari | Pahina ng Karapatang Sipi | Katawan ng Aklat | Talaan ng Nilalaman | Pahina ng Pamagat |

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**Panuto**: Ayusin ang mga bahagi ng aklat ayon sa wastong pagkakasunod-sunod nito. Isulat ang bilang sa loob ng bilog.

○ Pahina ng Karapatang Sipi
○ Pahina ng Pamagat
○ Talaan ng Nilalaman
○ Katawan ng Aklat
○ Glosari
○ Indeks
○ Pabalat
○ Paunang Salita
○ Bibliyograpiya

4 Paunang salita
7 Glosari
8 Indeks
1 Pabalat
9 Bibliyograpiya

Pag-usapan din sa klase ang kahalagahan ng aklat at kung paano ito dapat pangalagaan o ingatan.

**Ikatlong Araw**

**Gabay na Tanong:**

1. Bakit mahalaga ang aklat o libro?
2. Paano nakakatulong ang aklat sa tao?
3. Paano ito dapat ingatan?

**Kaugnay na Paksa 3: TUKOY-TEKSTO**

Tukuyin kung anong uri ng tekstong naratibo ang inilalarawan. Pumili ng sagot sa loob ng kahon.

1. **Pagproseso ng Pag-unawa**

| MITO | EPIKO | KUWENTONG KABABALAGHAN | TULANG PAMBATA |
|---|---|---|---|

______________1. Ito ay naglalaman ng mga kwentong supernatural tulad ng multo, aswang, at tikbalang.

______________2. Mahabang pasalaysay na naglalarawan sa kabayanihan, pakikipagsapalaran, at mga pangyayari sa buhay ng pangunahing tauhan.

______________3. Tinuturing na alamat ng isang lahi o kultura. Halimbawa nito ay ang "Biag ni Lam-ang".

______________4. Ito ay mga tula na isinulat para sa mga bata. Karaniwang mayroon itong simpleng anyo at paksang pangkabataan.

_______________5. Kuwentong pasalaysay na naglalarawan ng mga sinaunang paniniwala, karanasan, at kaugalian ng isang kultura.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**TULA-BASA:** Basahin ang tula at sagutin ang gabay na mga tanong.

**Pangarap ni Boyet**

ni: Dr. Andilaine R. Tajanlangit

Libre lang ang mangarap, sabi ng iba,
Babae at lalaki, bata at matanda;
Basta't magsisikap at magtitiyaga,
Tiyak na makakamit ang pagpapala.
Kaya naman si Boyet na sampung taong gulang
ay humihingi sa ating Panginoon ng gabay at patnubay;
Na makamit ang pangarap na maging guro balang-araw
upang makapagbahagi ng kaalaman sa kabataan.

Pangarap niyang ito ay kaniyang isinasapuso,

Isinasabuhay at patuloy na pinalalago;
At nangangakong hindi siya susuko,
Hanggang sa siya ay maging isang ganap na guro.


**Gabay na mga tanong:**

1. Sino ang batang tinutukoy sa tula?
2. Ano ang pangarap ng bata sa tula?
3. Ano ang iyong pangarap sa buhay?
4. Bakit mahalagang magkaroon ng pangarap sa buhay?
5. Sa paanong paraan mo matutupad ang iyong mga pangarap?

## IKAAPAT NA ARAW

### 3. Paglalapat at Pag-uugnay

Punan ng wastong impormasyon ang dayagram sa ibaba sa pamamagitan ng pagtukoy ng sanhi at bunga ng pangyayari.




Ipahanap sa teksto ang proseso na nabanggit at pagtuunan ng pansin upang mailahad ang susunod na kasanayan sa

**TEKSTONG IMPORMATIBO**

**TEKSTO-BASA:** Ipabasa ang tula sa mga mag-aaral at sagutin ang sumusunod na mga tanong.

**Araw ng Paglalaba ni Aling Marta**

Isang umaga sa maliwanag na barangay ng Polo, gumising ng maaga si Aling Marta upang simulan ang kaniyang araw. Una niyang binigyang pansin ang kanilang maruruming damit tulad ng uniporme, pantalon, at mga bestida. Tamang-tama ang matinding sikat ng araw upang makapag patuyo ng mga lalabhang mga damit. Sa kaniyang maliit na tahanan, sinimulan ni Aling Marta ang kaniyang gawain sa paglalaba. Inilapag niya ang mga maruruming damit sa malaking palanggana, dala ang isang supot ng sabon at pangkuskos. Unang ginawa ni Aling Marta ay ang paghihiwalay ng mga puti at may kulay na damit. Ikalawa, nilagyan niya ng sabong panlaba at tubig ang palanggana. Ikatlo, isa-isang kinukuskos ni aling Marta ang bawat damit hanggang sa mawala ang mga mantsa at dumi. Ikaapat, binanlawan niya ang mga damit hanggang mawala ang mga bula nito at panghuli isa-isang sinampay ni Aling Marta ang mga damit na nilabhan. Nakatapos ng maaga si Aling Marta sa paglalaba at iya ay panandaliang nagpahinga upang magkaroon ng panibagong lakas sa susunod na gawaing bahay na kaniyang tatapusin.

**Gabay na tanong:**

1.Tungkol saan ang tekstong nabasa?
2. Paano nakatutulong ang pagbibigay ng hakbang o proseso sa isang gawain?

**PROSESULAT:** Ibigay ang mga hakbang/ proseso ng paglalaba na nabanggit sa teksto




1.______________________________________
______________________________________

2.______________________________________
______________________________________

3.______________________________________
______________________________________

4.______________________________________
______________________________________

5.______________________________________
______________________________________

pagkatuto.

| | | |
|---|---|---|
| **4. Paglalahat** | **1. Pabaong pagkatuto**<br><br>Buuin ang tula sa pamamagitan ng pagsulat ng bahagi ng aklat na inilalarawan sa tula. Isulat ang sagot sa patlang.<br><br>**BAHAGI NG AKLAT**<br>ni: Shelani T. Nacilla<br><br>Tignan natin ang mga bahagi ng aklat<br>Sa bungad nito ay naroon ang __________<br>Na may pangalan ng aklat at ang sumulat<br>Tulad din ito ng ___________<br><br>Mayroong _____________<br>may ngalan ng palimbagan na nagmamay-ari.<br>_____________ di rin maikukubli<br>Mensahe ng sumulat sa mga sumuri.<br><br>Talaan ng nilalaman na may pahina<br>May mga aralin na kahali-halina<br>__________________ kailangang binabasa<br>Sapagkat ito ang pinakamahalagang pahina.<br>Kung may mga salitang di maintindihan<br>mga salitang malalim ang kahulugan<br>buksan ang aklat, ___________ ay tingnan<br>tiyak mawawala mga kalituhan.<br><br>Sa huling bahagi, _________ang makikita<br>pa-alapabetong ayos ng mga salita<br>Ang lahat ng ito sa aklat makikita<br>Kaya't dapat pag-aralan ng mga bata<br><br>G**abay na mga Tanong:**<br>1. Ano-anong bahagi ng mga aklat ang inyong nakita?<br>2. Ano-anong nakapaloob na impormasyon ang makikita sa bawat bahagi ng aklat?<br><br>**1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Pagtala sa *concept map* tungkol sa kahalagahan ng aklat.<br>**Anong kalahagahan ng aklat sa ating buhay?**<br> | **Ikalimang Araw**<br><br>**Mga sagot / susi sa pagwawasto:**<br>Pabalat<br>Pamagat<br>Pahina ng Karapatang Sipi<br>Paunang Salita<br>Katawan ng Aklat<br>Glosari, Glosaryo<br>Indeks |

**Kumpletuhin ang pahayag.**



Paano ba dapat natin pangalagaan ang aklat?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

_______________________________________

Kung ako ay magpapahayag o bibigkas ng isang tulang pambata, dapat kong isaalang-alang ang …

______________________________________________

______________________________________________

| IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|

**A. Pagtataya**

**Pasulit**

**Bahagi I.**
Panuto: Pagtapatin ang hanay A sa hanay B ayon sa wastong gamit ng bawat bahagi ng aklat. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

| A. | B. |
|---|---|
| ______ 1. Pabalat | A. Ito ay talaan ng mga paksang nakaayos nang paalpabeto at pahina kung saan ito matatagpuan. |
| ______ 2. Bibliyograpiya | B. Ito ang nagbibigay proteksyon sa katawan ng aklat. |
| ______ 3. Indeks | C. Ito ay listahan ng mga ginamit na sanggu-niang aklat, pahayagan, magasin at iba pa na inaayos nang paalpabeto. |
| ______ 4. Talaang ng Nilalaman | D. Dito mababasa ang mensahe ng awtor para sa kanyang mga mambabasa. |
| ______ 5. Paunang Salita | E. Naglalaman ng mga pamagat ng mga akda at ang paksang tatalakayin sa buong aklat, mga aralin at ang pahina |

Maaring gawin sa *quiz notebook* ang maikling pasulit na inihanda.

**Mga Tamang Sagot:**
1. B
2. C.
3. A
4. E
5. D

| | | |
|---|---|---|
| | **Bahagi II.**<br>**Panuto:** Basahin ang Pangungusap at kulayan ng dilaw ang titik ng tamang sagot.<br><br>1. Pinakamahalagang bahagi ng aklat sapagakat mababasa rito ang nilalaman ng aklat.<br>A. Talaan ng Nilalaman C. Pahina ng karapatang Sipi<br>B. Katawan ng Aklat D. Pahina ng Pamagat<br><br>2. Dito makikita ang mahihirap na salitang ginamit sa aklat at ang kahulugan ng mga ito. nakaayos ang mga ito ng paalpabeto.<br>A. Indeks C. Glosari<br>B. Pabalat D. Bibliyograpiya<br><br>3. Unang bahagi ng aklat na nagbibigay proteksyon sa katawan ng aklat. Sa bahaging ito makikita ang pamagat ng aklat at ang ngalan ng may akda.<br>A. Indeks C. Pabalat<br>B. Pahina ng Karapatang Sipi D. Pahina ng Pamagat<br><br>4. Naglalaman ng mga pamagat ng mga akda at ang paksang tatalakayin sa buong aklat, mga aralin at ang pahinang katatagpuan ng mga ito.<br>A. Indeks C. Pabalat<br>B. Talaan ng Nilalaman D. Pahina ng Pamagat<br><br>5. Sa bahaging ito makikita ang taon kung kalian nilimbag ang aklat, gayundin ang pagsasaad ng tanging karapatan sa awtor at sa palimbagan upang mag may – ari sa nilalaman ng aklat.<br>A. Pahina ng Karapatang Sipi C. Pabalat<br>B. Talaan ng Nilalaman D. Pahina ng Pamagat<br><br>**Karagdagang Gawain/ Gawaing Pantahanan**<br><br>Bumuo ng maliit na aklat *(notebook size)* gamit ang mga larawan ng iba't – ibang bahagi ng aklat. Tiyaking maiaayos ito ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng bawat bahagi. | **Mga Tamang Sagot:**<br>1. B<br>2. C.<br>3. C<br>4. B<br>5. A |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. |
| | ***Estratehiya*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Kagamitan*** | | | Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>• ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>• ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>• ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |